

California Senior Medicare Patrol

Babala mula sa Medicare tungkol sa Pandaraya

Mayo 2017

Darating sa 2018 ang mga Bagong Medicare Card ~ Mag-ingat sa mga Raket

Nabalitaan ba ninyo na tatanggap kayo ng bagong Medicare card? Nagtatanong ba kayo kung kailan o bakit? Hindi ito mangyayari bago sumapit ang Abril 2018 subalit ang pagkalito ay ginagamit na ng mga manunuba upang mangdaya.

BAKIT:

Dahil isinabatas ng Kongreso ang Medicare Access and CHIP Reauthorization Act (MACRA) sa 2015, inaatas ang mga Centers for Medicare and Medicaid Services na alisin sa lahat ng mga Medicare card ang Social Security number.

Itong pagbabago ay tutulong sa paghadlang sa panunuba at poprotektahan nito ang inyong pagkakakilanlan. Sa kasalukuyan, ang Medicare number ng karaniwang mga tao ay ang kanilang Social Security number. Dahil dito, madaling nananakaw ng mga manunuba ang inyong identidad. Nagbubukas din sila ng mga credit card o nangungutang sa inyong pangalan. Subalit ang inyong bagong numero ay walang kaugnayan sa inyong Social Security number at sa ganoon magiging mas seguro.

PAANO?

Paano mapapakinabangan ng mga manunuba ang pagbabagong ito? Tinatawagan ng ilang mga manunuba ang mga benepisyaryo at sinasabi nila na galing sila sa Medicare at kailangan nilang tiyakin ang kanilang kasalukuyang Medicare number bago ipapadala sa kanila ang kanilang bagong card. Sinasabi ng ibang mga manunuba na may singil para sa bagong card at iniipon nila ang personal na impormasyon ng benepisyaryo. Walang singil para sa inyong bagong card at hindi kayo tatawagan ng Medicare kahit kailan upang hilingin ang inyong impormasyon. Nakasalansan na ang inyong impormasyon sa Medicare.

Kung makatanggap kayo ng ganoong mga tawag o nakapag-aalinlangang mga hiling, ibaba ang telepono at tumawag sa [Senior Medicare Patrol](#) sa [1-855-613-7080](tel:1-855-613-7080).

Kung kailangan ninyo ng tulong sa inyong Medicare, tumawag sa [Health Insurance Counseling and Advocacy Program \(HICAP\)](#) sa [1-800-434-0222](tel:1-800-434-0222).

Tumungo sa: cahealthadvocates.org. Salamat Po!

